7

DEPARTMENT OF EDUCATION

# Lingguhang Aralin sa Filipino

Kuwarter 1

Aralin

6

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Modelong Banghay-Aralin sa Filipino Baitang 7**
**Kuwarter 1: Aralin 6 (Linggo 6)**
**TP 2024-2025**

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro sa implementasyon ng MATATAG K to 10 Curriculum sa taong panuruan 2024-2025. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahinulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyal ang karapatang-aring iyon.

**Mga Tagapagbuo**

**Mga Manunulat:**
- Rachel C. Payapaya (Philippine Normal University-Mindanao)
- Ainie A. Wuani

**Tagasuri:**
- Joel C. Malabanan, Ph.D. (Philippine Normal University - Manila)

**Mga Tagapamahala**
Philippine Normal University Research
Center for Teacher Quality SiMMER
National Research Centre

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari pong sumulat o tumawag sa Tanggapang ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od.@deped.gov.ph.

| **I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| **A. Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ng mga mag-aaral ang kasanayang komunikatibo, malikhain, at kritikal na pag-unawa at pagsusuri ng mga tekstong pampanitikan sa Panahon ng Katutubo (ANYONG PATULA) at tekstong impormasyonal (eskpositori) para sa paghubog ng kaakuhan at pagpapahalagang Pilipino, at pagbuo ng mga teksto sa iba't ibang paraan (multimodal) para sa tiyak na layunin, pagpapakahulugan, at target na babasa o awdiyens. |
| **B. Pamantayan sa Pagganap** | Nakabubuo ng biyograpikal na sanaysay ng isang tauhan sa binasang akda at comic book na isinasaalang-alang ang mga elemento ng biswal at multimodal na may paglalapat ng kasanayang komunikatibo at etikal na pananagutan at kasanayan. |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | Nauunawaan ang tekstong ekspositori gamit ang mga kasanayang pang-akademiko<br>• Nakapagtala ng mahahalagang impormasyon<br>• Naiisa-isa ang mahahalagang impormasyon sa akda<br>• Natutukoy ang paksa, layon at ideya sa teksto<br>• Naipaliliwanang ang mahahalagang ideya at detalye<br>Nasusuri ang tekstong ekspositori batay sa estruktura nito<br>• Nakikilala ang tekstong ekspositori batay sa pagkakasunod- sunod<br>• Naipapaliwanag ang kahalagahan ng tamang pagkakasunod-sunod<br>Nasusuri ang tekstong biswal batay sa mga elemento.<br>• Naiuugnay ang mga elemento ng tekstong biswal sa pag-unawa ng teksto. |
| **D. Nilalaman** | • Tekstong Ekspositori (Pagkakasunod-sunod)<br>• Tekstong Biswal |
| **E. Integrasyon** | Pagpapahalaga sa kalusugan/buhay |

## II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO


Cabardo, R., Dy, J. L., Ipaz, J. P., & Bejison, R. M. (2022). Tuon-Dunong: Batayang Aklat at Modyul sa Filipino 7 (V. M. Villanueva, Ed.) [Filipino]. Johnny and Hansel Publications.

Elipe, Shaira Joy (2020). Mga Karunungang Bayan. https://www.youtube.com/watch?v=658uiPBMe9o




Jarin, Ferdinand P. (2013) Anim na Sabado ng Beyblade, University of Santo Tomas Publishing House



Komisyon sa Wikang Filipino. (2021). Filipino at Katutubong Wika sa Dekolonisasyon ng Pag-iisip ng mga Pilipino. https://www.bsp.gov.ph/Media_And_Research/Public_Advisories/Paliwanag-sa-Tema-ng-Buwan-ng-Wika.pdf

Panitikang Pilipino: Filipino Modyul para sa Mag-aaral 7.

Pascual, Benjamin (2022) Ang Kalupi https://www.wattpad.com/532170346-mga-panitikang-filipino-ang-kalupi%0Dni-benjamin-p

Santiago, L. (2007). Mga Panitikan ng Pilipinas. C & E Publishing Inc. Quezon City.
Salazar, Z. A. (2004). Kasaysayan ng Kapilipinuhan. https://bangkanixiao.files.wordpress.com/2012/09/zeus-salazar-kasaysayan-ng-kapilipinuhan.pdf
Tandang, Dian. https://www.academia.edu/40115940/FILIPINO_Baitang_8_Yunit_1_Mga_Karunungang_bayan
Villanueva, V. M. (2018). #ABKD: Ako Bibo Kase Dapat (Alpabeto ng Inobatibo at Makabagong Guro ng Araling Panlipunan, Edukasyon sa Pagpapakatao, at Filipino). VMV Publishing House. Makati: Bangkal

| **III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO** | | **MGA TALA sa GURO** |
|---|---|---|
| **A. Pagkuha ng Dating Kaalaman** | **1. Maikling Balik-aral**<br><br>**HAGDAN-HAGDANG PANGARAP:** Paano mo makakamit ang iyong mga pangarap sa buhay? Isulat sa tapat ng hagdan kung ano ang iyong nararapat gawin upang magtagumpay.<br><br>Hakbang 6: ________________<br>Hakbang 5: ________________<br>Hakbang 4: ________________<br>Hakbang 3: ________________<br>Hakbang 2: ________________<br>Hakbang 1: ________________<br><br>*Itanong:*<br>Ano ang nararamdaman habang sumasagot sa gawain?<br>Sa anong paraan napagsunod-sunod ang bawat hakbang? | **Unang Araw**<br>Ang halimbawang gawain ay maaaring gawing gabay para lubos na maunawaan ang mga paksa. Maaari rin itong imodipika.<br><br>Mga larawan ay kuha mula sa:<br>https://depositphotos.com/photo/spiral-education-stairs-lead-student-to graduation-7832398.html<br><br>https://www.istockphoto.com/illustrations/steps-to-success<br><br>Maaaring pangkatan ang gawain. |
| **B. Paglalahad ng Layunin** | **1. Panghikayat na Gawain**<br><br>**TAMANG PAGHUHUGAS:** Tukuyin ang wastong pamamaraan sa paghuhugas ng kamay.<br><br>*Itanong:*<br>1. Ano ang tamang pagkakasunod-sunod sa paghuhugas ng kamay?<br>2. Bakit kailangang sundin ang tamang hakbang sa paghuhugas? | |

| | | |
|---|---|---|
| | 3. Sa paanong paraan matatandaan ang pagkakasunod-sunod nito?<br><br>**LARONG-BEYBLADE:** Kilala mo ba ang laruang beyblade? Magsalaysay ng mahahalagang pangyayari na may kaugnayan sa larawan o Beyblade.<br><br><br>**2. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin**<br>Ang tekstong ekspositori ay may layuning magpaliwanag at maglahad ng impormasyon at ideya. Ito ay mahalaga sa pagpapalaganap ng kaalaman at edukasyon dahil ito ay tumutulong sa mambabasa na mauunawaan ang kumplikadong paksa sa isang malinaw at sistematikong paraan.<br><br>**TUON-TANONG:** Sa isang malayang talakayan, pagtulungang sagutan ito.<br><br><br>**3. Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin**<br><br>**PILI-SAGOT:** Basahin ang mga pahayag. Piliin ang titik ng tamang sagot ng mga sinalungguhitang salita.<br><br>1. Ang **<u>beyblade</u>** ay isang uri ng ________ na kahawig sa trumpo. Ito ay impluwensiya ng bansang Hapon.<br>A. laruan B. bola C. bakal D. bilog | Bigyang diin ang pagpapahalaga sa kalusugan sa pamamagitan ng pagiging malinis.<br><br>Ang beyblade ay isang laruan na kahawig ng trumpo na mula sa bansang Hapon. Upang umikot, ginagamitan ito ng mahaba at mala-lagaring plastik. Ang bilis ng ikot ay nakadepende sa haba ng plastik na lagari at sa paghila nito.<br><br>**Mga Tamang sagot:**<br><br>1. D |

<table>
<tr>
<td></td>
<td>2. Si Rebo ay may sakit na <u>kanser</u>.<br>A. sakit na nakakahawa<br>B. sakit na walang gamot na makakalunas<br>C. sakit na sanhi ng bakterya at mikrobyo sa paligid<br>D. sakit na sanhi ng abnormal na pagdami at pagkalat ng mga selula ng katawan<br><br>3. <u>Nakahimlay</u> na ang may-ari ng beyblade sa kabaong.<br>A. nagpahinga B. natulog C. nakahiga D. nagkasakit<br><br>4. May <u>maskot</u> na dumating upang magbigay saya kay Rebo.<br>A. Maaaring tao o hayop na nakakapagsalita<br>B. Maaaring tao o bagay na sumasayaw at kumakanta<br>C. Maaaring tao, bagay o hayop na makikita kahit saan-saan<br>D. Maaaring tao, bagay o hayop na nagdadala ng suwerte o aliw</td>
<td>2. C<br>3. D</td>
</tr>
<tr>
<td>C. Paglinang at Pagpapalalim</td>
<td>Ikalawang Araw<br><br>Kaugnay na Paksa 1: Tekstong Ekspositori<br><br>1. Pagproseso ng Pag-unawa<br><br>
<br><br>Ang isang tekstong ekspositori ay masusuri batay sa estruktura nito na makikita sa dayagram. Ang pokus sa linggong ito ay ang pagkakasunod-sunod.<br><br>Ang pagkakasunod-sunod ay ang pag-aayos ng mga detalye o pangyayari mula sa simula hanggang wakas o katapusan. Maaaring pagsusunod-sunurin ang mga pangyayari sa teksto sa pamamagitan ng:</td>
<td>Maaaring pagpipilian at iangkop sa konteksto ang mga gawaing inihanda.</td>
</tr>
</table>

- ✔ Pagbabasa at pag-unawang mabuti sa akda o teksto.
- ✔ Paglalagay ng bilang sa mga detalye o pangyayari upang matandaan ang pagkakasunod- sunod nito.

**2. Pinatnubayang Pagsasanay**

**BASA-UNAWA 1:** Basahin at unawain ang akda. Sagutan ang pamatnubay na tanong.

**Anim na Sabado ng Beyblade**
(Bahagi Lamang)
ni Ferdinand Pisigan Jarin




Unang Sabado ng paglabas niya nang hilingin na niyang magdiwang ng kaarawan kahit hindi pa araw. Nangumbida ako ng maraming tao kasabay ng biling 'wag kalimutan ang regalo at pagbati ng "Happy Birthday, Rebo!". Kailangang di niya malimutan ang araw na ito. Dapat pinakamasaya ang Sabadong ito sa lahat ng Sabado. Maraming- maraming laruan. *Stuffed Toys, Mini-Helicopter, Walkie-Talkie, Crush Gear, Remote Controlled Cars*, at higit sa lahat, ang Beyblade. Ang paborito niyang Beyblade. Maraming-maraming Beyblade. Tinanggap niya ang lahat ng ito at marami pang iba sa kaniyang kaarawan. Sa kaniyang pagtuntong sa limang taon. Kahit di totoo. Kahit hindi pa araw.





Ikalawang Sabado, naki-bertdey naman siya. Pagkatapos ay muling naglaro ng beyblade kasama ang mga pinsan. Tatlong araw bago dumating ang ikatlong Sabado, sorpresa ko siyang dinalaw. Unti-unti na siyang nanghihina. Bihira na siyang ngumiti. Hindi na niya makuhang laruin ang beyblade bagamat ayaw niya itong bitiwan sa loob ng kaniyang kamay o di kaya"y bulsa. Ang nakapagngangalit, unti-unti na namang nalalagas ang kaniyang buhok. Subalit pinipilit pa rin niyang maging malakas bagamat talagang di na kaya ng kaniyang paang tumayo ng kahit ilang sandali man lang. Nakadudukot na rin siya ng mga matitigas na butil ng dugo sa loob ng kaniyang gilagid. Sa labas ng bahay na kanilang tinitirhan, lubos kong ikinagulat nang tanungin niya ako ng; "Tay, may peya a?" (Tay, may pera ka?) Dali-dali kong hinugot at binuksan ang aking pitaka at ipinakitang mayroon itong laman. Agad akong nagtanong kung ano ang nais niya na sinagot naman niya ng agarang pagturo sa isang kalapit na tindahan. Kung mabilis man akong nakabili ng mga kending kaniyang ipinabili, mas mabilis siyang umalis agad sa tindahan at nakangiting

Mapapanood ang *video clip* ng Anim na Sabado ng Beyblade sa link:

https://www.youtube.com/watch?app=desktop&v=7rn_lX8pWok

Mga larawan ay mula sa:
https://www.storyboardthat.com/storyboards/c15574f1/anim-na-sabado-ng-beyblade/copy#

bumalik sa aming kinauupuan. Naglalambing ang aking anak. Nang kami'y pumasok na sa loob ng bahay, naiwang nilalanggam na ang nakabukas ngunit di nagalaw na mga kendi sa aming kinaupuan.



Tuluyan na siyang nakalbo pagsapit ng ikatlong Sabado. Subalit di na kusang nalagas ang mga buhok. Sa kaniyang muling pagkairita, sinabunutan niya ang kanyang sarili upang tuluyang matanggal ang mga buhok. Nang araw na iyon, kinumbida ng isa kong kasama sa trabaho ang isang mascot upang bigyan ng pribadong pagtatanghal si Rebo nang walang bayad. Matapos ang pagtatanghal, bagamat di man lang siya makangiti at makatawa, kitang-kita sa kaniyang mata ang kasiyahan. Isang kasiyahang unti-unting humina at nawala.

Di na maikakaila ang mabilis na pagkapawi ng lakas ng aking anak pagsapit ng ikaapat na Sabado. Di na niya makuha pang ipasok ang pisi ng beyblade upang mapaikot ito. Ramdam na ang pagod at hingal sa kaniyang pagsasalita. Kaya kahit nang dalhin ko siya sa isang karnabal, isa lamang ang ninais niyang sakyan. Ang mga maliliit na helicopter na tumataas at bumababa ang tila oktupos na galamay na bakal. At sa tuwing tataas, hahanapin ako ng tingin sa baba at malungkot na ngingitian. Pagkababa, mabilis na siyang nagyayang umuwi. At pagkauwi'y humiga nang humiga at paulit-ulit na tumingin sa kawalan.

Huling Sabado ng Pebrero ang ikalimang Sabado. Eksaktong katapusan. Kasabay ng pagtatapos ng Pebrero ay pumanaw ang aking anak. Ilang sandali matapos ang sabay na paglaglag ng luha sa kaniyang mga mata at pagtirik ng mata, ibinuga niya ang kaniyang huling hininga. Namatay siya habang tangan ko sa aking bisig. Hinintay lamang niya ang aking pagdating. Di na kami nakapag-usap pa dahil pagpasok ko pa lang ng pintua'y pinakawalan na niya ang sunod-sunod na palahaw ng matinding sakit na di nais danasin ng kahit sino. "Sige na, Bo. Salamat sa apat na taon. Mahal ka namin. Paalam."



Ikaanim na Sabado ang paglabas ni Rebo sa ospital. Huling Sabado na masisilayan siya ng mga nagmamahal. Wala na ang beyblade at ang may-ari nito. Payapa na silang nakahimlay sa loob ng kabaong. Magkasamang tutungo sa lugar na walang sakit, walang gutom, walang hirap. Payapang magpapaikot at iikot. Maglalaro nang maglalaro. Habang kaming mga naiwan ay paglalabanan at pag-aaralang tanggapin ang kirot ng pagkalungkot.

1. Sino ang pangunahing tauhan?
2. Ano ang sakit na dinaranas ng pangunahing tauhan sa kuwento?
3. Matapos siyang lumabas ng ospital, ano ang kanyang tanging hiling?
4. Paano inilarawan ng may-akda ang maysakit? Ano ang relasyon nila?
5. Ano ang nangyari sa pangunahing tauhan sa kuwento noong ikaanim na Sabado?
6. Ano sa palagay mo ang layunin ng awtor sa pagsusulat ng akda?
7. Ibahagi ang nakuha mong aral mula sa binasa/napanood.

**3. Paglalapat at Pag-uugnay**

una sa umpisa noong una unang-una ikalawa sa dakong huli


ikatlo sumunod pagkatapos saka sa wakas

sa huli sa umpisa sa kabilang dako sa madaling salita

sa madaling salita bigyang pansin ang pansinin na tungkol sa muli

**HUDYAT SA PAGSUSUNOD-SUNOD:** Basahin at pag-aralan ang mga pang-ugnay sa loob ng kahon. Gamitin ito sa pangungusap.


**TALA-DETALYE:** Itala sa grapikong presentasyon ang mga pangyayari sa buhay ni Rebo ayon sa akda.




Ang mga halimbawang gawain ay maaaring gawing gabay at pagpipilian para lubos na maunawaan ang mga paksa. Maaari rin itong imodipika ng guro.

1. Anong salita/mga salita ang naging palatandaan sa susunod na mga pangyayari? Isa-isahin.
2. Mahalaga ba ang paggamit ng mga salitang ito sa pagsusunod-sunod ang mga pangyayari? Pangatwiranan.
3. Ano ang tawag sa mga salita na ginagamit sa pagkakasunod- sunod ng mga salita/pangyayari at iba pa?

**SURI-PANGYAYARI:** Isa-isahin ang mahahalagang pangyayari sa kuwentong Anim na Sabado ng Beyblade. Gamitin ang *hamburger organizer*.




**SULAT-DAYALOGO:** Sulatan ng angkop na dayalogo ang mga komiks strip batay sa akdang Anim na Sabado ng Beyblade. Gumamit ng *speech balloons o speech dialogues.*











Itanong:

Bakit mahalaga ang tamang pagsusunod-sunod ng mga pangyayari?

**Ikatlong Araw**

Halimbawa ng estereotipo ay sa kasarian. Ang mga babae sa komiks ay ipinapakitang mga payat at balingkinitan ang katawan lamang. Dagdag pa, babae lamang ang ipinakitang nagbabantay sa maysakit na kaya naman itong gawin ng mga lalaki. Babae lang








1. Suriin ang komiks strip: ilustrasyon, disenyo, kulay, linya, imahen. Paano pa ito mapapaunlad?
2. May estereotipo bang nakikita? Tukuyin.
3. Iugnay ang elementong biswal sa teksto.

**SURI-DAYALOGO:** Basahin ang komiks tungkol sa "Kalupi" o pitaka. Sagutan ang mga tanong.






1. Ilarawan ang mga karakter sa komiks.
2. Suriin ang komiks strip: ilustrasyon, disenyo, kulay, linya, imahen.
3. Angkop ba ang mga elementong ginamit? Paano ito mapaunlad?
4. May estereotipo bang nakikita? Tukuyin.

din ang ipinakitang lumuluha. Hindi ibig sabihin na babae ang umiiyak ay mahina siya. Ang pag-iyak minsan ay simbolo ng katapangan.



Estereotipo sa antas ng pamumuhay: Kapag mahirap ba ay walang makakamit na hustisya?

Estereotipo sa edad: May nilabag bang karapatan ng bata? Karapatang pantao?

Esterotipo sa hitsura/pananamit. Bakit ang may magagarang damit ang siyang pinapakinggan? Inuuna?

Estereotipo sa kasarian: Babae lang ba ang dapat na mamamalengke/magluluto?

Maaaring pangkatan ang pagpapasulat.

| | | |
|---|---|---|
| | **SULAT-KUWENTO:** Sumulat ng isang tekstong ekspositori na naglalahad ng pagkakasunod-sunod ng mahahalagang pangyayari tungkol sa tamang pangangalaga ng ating katawan/buhay. Isulat sa isang malinis na papel. Salungguhitan ang mga salitang ginamit upang mapagsusunod-sunod ito.<br> | |
| **D. Paglalahat** | **1. Pabaong Pagkatuto**<br>**Gawing gabay ang konsepto sa pagtalakay at lubos na pagpapahalaga sa natutuhan sa aralin.**<br><br>**BINTANA-UNAWA:** Ilahad ang natutunan mula sa talakayan.<br><br><br>**2. Pagninilay sa Pagkatuto**<br>**GABAY-NILAY:** Dugtungan ang mga pahayag batay sa iyong karanasan.<br>Sa linggong ito:<br>• Nalaman kong __________________________________.<br>• Naranasan kong _________________________________.<br>• Naramdaman kong ________________________________. | **Ikaapat na Araw**<br>Ipasulat sa mga mag-aaral sa iba't ibang kulay ng **metacard** ang kanilang mga sagot at ipadikit sa inihandang manila paper ng guro. (Sikaping masuri ng guro ang mga sagot na magkakatulad. |

| | | |
|---|---|---|
| | • Para sa akin, ang mga tekstong ekspositori ay______________.<br>Bilang mag-aaral pangangalagaan ko ang aking kalusugan upang__________. | |

| IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY | | MGA TALA SA GURO |
|---|---|---|
| **A. Pagtataya** | **A. Panuto**: Alamin ang tamang sagot. Isulat ito sa iyong sagutang papel.<br><br>**1.** Ito ay ginagamit upang madaling maunawaan sapagkat sunod-sunod ang paglalahad. Anong katangian ng ekspositori ang binanggit?<br>A. Pagbibigay Katuturan<br>B. Sanhi at Bunga<br>C. Pagkakasunod- sunod<br>D. Pag-iisa-isa<br><br>**2.** Anong elemento ng tekstong biswal ang tumatalakay sa mga katangian na ipinapataw sa mga grupo ng mga tao dahil sa kanilang lahi, nasyonalidad at oryentasyon?<br>A. Kasarian<br>B. Estereotipo<br>C. Antas ng PamumuhaY<br>D. Edad<br><br>**3.** Alin sa mga elemento ng tekstong biswal na tumatalakay sa kalagayan ng isang tao?<br>A. Kasarian<br>B. Estereotipo<br>C. Antas ng Pamumuhay<br>D. Edad<br><br>**4.** Uri ng pagkakasunod-sunod na tumatalakay sa mga magkakaugnay na pangyayari ayon sa tamang panahon at oras, ano ang tinutukoy nito?<br>A. Sikwensyal<br>B. Kronolohikal<br>C. Prosidyural<br>D. Ekspositori<br>**5.** Bakit kinakailangan ang tamang pagkakasunod-sunod ng mga akda o gawain?<br>A. Upang mas maging maayos ang kalalabasan nito.<br>B. Upang mas magandang tingnan<br>C. Kailangan kasi<br>D. Para tama palagi ito.<br><br>**B.** Panuto: Suriin ang mga dayalogo sa sa pamamagitan ng paglalarawan ng mga tauhan sa akda ayon dito. Piliin ang letra ng tamang sagot.<br>**6.** "Sige na, Bo. Salamat sa apat na taon. Mahal ka namin. Paalam." | **Mga Tamang Sagot:**<br>1. C<br>2. B<br>3. C<br>4. B<br>5. A<br>6. A<br>7. B<br>8. A<br>9. D<br>10. B |

<table>
<tr>
<td></td>
<td colspan="3">A. mapagmahal na ama<br>B. pabayang magulang<br>C. magulang na wala ng pag-asa sa buhay<br>D. magulang na may malasakit sa kapakanan ng anak<br><br>7. “Tay, may peya a?” (Tay, may pera ka?)<br>A. mapagmahal na anak<br>B. anak na naglalambing sa magulang<br>C. anak na walang pakialam sa magulang<br>D. Anak na nanghihingi lamang ng pera sa magulang<br><br>8. “Ano ka ba?” bulyaw ni Aling Marta. “Kay sikip na ng daraanan ay patakbo ka pa kung lumabas!”<br>A. masungit<br>B. mapangmata<br>C. mapanghusga<br>D. madaling mairita<br><br>9. “Ano hong pitaka?” ang sabi. “Wala ho akong kinukuha sa inyong pitaka.”<br>A. mapagmalasakit<br>B. mabait<br>C. makatwiran<br>D. mapagkumbaba<br><br>10. “Ang mabuti ho’y ipapulis ninyo,” sabi ng nakalabi ng isang babaeng nakikinig. “Talagang dito sa palengke ay maraming naglipana ang batang gaya niyan.”<br>A. tsismosa<br>B. mapanghusga<br>C. mabait<br>D. mapagkumbaba</td>
<td></td>
</tr>
<tr>
<td rowspan="4">B. Pagbuo ng Anotasyon</td>
<td>Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.</td>
<td>Epektibong Pamamaraan</td>
<td>Problemang Naranasan at Iba pang Usapin</td>
<td rowspan="4">Hinihikayat ang mga guro na magtala ng mga kaugnay na obserbasyon o anomang kritikal na kaganapan sa pagtuturo na nakakaimpluwensya sa pagkamit ng mga layunin ng aralin. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na template sa pagtatala ng</td>
</tr>
<tr>
<td>Estratehiya</td>
<td></td>
<td></td>
</tr>
<tr>
<td>Kagamitan</td>
<td></td>
<td></td>
</tr>
<tr>
<td>Pakikilahok ng mga Mag-aaral</td>
<td></td>
<td></td>
</tr>
</table>

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | ***At iba pa*** | | | mga kapansin-pansing lugar o alalahanin sa pagtuturo.<br>Bilang karagdagan, ang mga tala dito ay maaari ding maging isa mga gawain na ipagpapatuloy sa susunod na araw o mga karagdagang aktibidad na kailangan. |
| **C. Pagninilay** | *Gabay sa Pagninilay:*<br>▪ ***<u>Prinsipyo sa pagtuturo</u>***<br>*Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?*<br>*Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?*<br>▪ ***<u>Mag-aaral</u>***<br>*Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?*<br>▪ ***<u>Pagtanaw sa Inaasahan</u>***<br>*Ano ang aking nagawang kakaiba?*<br>*Ano ang maaari ko pang gawin sa susunod?* | | | Ang mga entry sa seksyong ito ay mga pagninilay ng guro tungkol sa pagpapatupad ng buong aralin, na magsisilbing input para sa pagsasagaw ng LAC. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na mga gabay na tanong sa pagkuha ng mga insight ng guro. |